

Si Juan Masunurin

Masunurin si Juan. Pero madalas, hindi niya iniintinding mabuti ang utos sa kaniya.

Isang araw, inutusan si Juan ng kaniyang inang si Aling Selya.

“Juan, maglinis ka ng bahay. May bisita tayo. Wala ako dapat na makikitang kalat pagbalik ko,” utos ng kaniyang ina.

“Opo Inay, ako na po ang bahala,” sagot ni Juan.


Pagkaalis ni Aling Selya ay dali-daling naglinis ng bahay si Juan. Tinanggal niya ang lahat ng makita niyang gamit—plato, baso, kutsara, tinidor, silya, mesa, aparador, at marami pang iba. Inilagay niya iyon sa sako at inilabas ng bahay.

“Ang dami palang kalat dito sa bahay,” sabi ni Juan sa sarili.

Maya-maya, may narinig siyang tunog ng malaking sasakyan.

“Nariyan na ang trak ng basura,” tuwang-tuwa si Juan.

“Mang Isko, magandang umaga po! Patulong po. Pakibuhat po ang mga sako. Lahat



ay itatapon na," magalang na sabi ni Juan.

"Aba, Juan! Ang dami nito. Sigurado ka bang itatapon na ang lahat ng ito?" tanong ni Mang Isko.

"Opo," sagot ni Juan.

"Kung gusto ninyo, inyo na po iyan," dagdag pa ni Juan.

"Naku, salamat, Juan. Sige, akin na lang ito. Sayang e," sabi ni Mang Isko.

Tapos nang maglinis ng bahay si Juan. Habang nagpapahinga sa bakuran, napansin niya ang maraming halaman. Naisip niyang linisan din ang hardin. Tinanggal niya ang mga halaman sa tapat ng bahay at itinambak sa likod ng bahay

"May ginawa pala kaming hukay ni tatay sa likod. Doon ko ibabaon ang mga halaman ni Inay," pabulong na sabi ni Juan.

Makaraan ang ilang sandali, narinig niya ang boses ng nanay niya.

"Juan, Juan! Nasaan ka?" sigaw ni Aling Selya.

"Nasaan na kaya ang mga halaman ko?" tanong ng nanay ni Juan.



“Nilinis ko po ang bakuran. Itinapon ko sa hukay ang mga halaman,” pagmamayabang pa ni Juan.

“Diyos na mahabagin,” bulong ng ina ni Juan.

Ibinaba ni Aling Selya ang mga dala niya at pumasok sa bahay.

“Ano ang nangyari sa mga gamit natin sa bahay?” maluha-luhang tanong ni Aling Selya.

“Inilagay ko po sa sako. ‘Wag kayong mag-alala. Hinakot na ng trak ng basura,” nakangiting sagot ni Juan.

Tulalang napaupo si Aling Selya. Alam niyang sinunod lang ng kaniyang anak ang utos niya. Sa susunod, mas lalinawin niya ang kaniyang utos sa anak. Alam niyang matututo rin ito dahil talagang masipag at masunurin si Juan.

